KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 40 BILANG 9 BASAHIN AT TALAKAYIN SETYEMBRE 2020

EDITORYAL

# Sa rebolusyon magkakaroon ng katarungan ang mga biktima ng terorismo ng rehimeng US-Duterte

Hinubad na ng madugo at malagim na *de facto* Martial Law ng rehimeng US-Duterte ang mga burges-demokratikong palamuti na dating ipinapangalandakan ng naghaharing uri. Wala na ni anumang pakitang-taong respeto sa karapatan at kalayaang sibil ng mamamayan. De-susing tagasunod ang AFP-PNP sa mga pasistang patakaran laban sa lahat na itinuturing na kalaban ng estado kabilang ang nyutralisasyon, na walang ibang ibig sabihin kundi pagpatay.

Ganap nang inilantad ng estado ng mga malalaking kumprador-panginoong maylupa't burukratang kapitalista ang sarili bilang isang marahas na instrumento ng karahasan at panunupil. Nitong Agosto, magkasunod na pinaslang si NDFP Consultant Randall Echanis sa Maynila at ang manggagawang pangkalusugan na si Zara Alvares sa Negros. Sa TK, pinatay si Froilan Reyes noong Hunyo, isang lingkod-bayan na tumutulong sa mga kababaryo niyang apektado ng krisis sa COVID-19 sa Laguna. Nauna rito'y tinambangan at pinatay ng mga pasista si Adonis Shu na lider ng samahan ng maliitang *gold panners* sa Roxas, Palawan noong Pebrero. Pinatay noong Nobyembre 2018 sa kanyang bahay sa Laguna ang kilalang lider-manggagawa at *coordinator* ng MAKABAYAN na si Reynaldo Malaborbor.

Karumal-dumal ang ginawang pagpatay ng mersenaryong AFP at PNP ng rehimeng Duterte sa mga *hors de combat* na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan-TK. Isa rito si Mario "Ka Jethro" Caraig na sinalbeyds ng PNP-CALABARZON at RMFB-CALABARZON noong Agosto 8 habang naghihintay ng lunas sa kanyang malubhang sugat. Ganundin si Lorelyn "Ka Fara" Saligumba na sugatan pero tinortyur at pinatay pa rin ng 203rd Brigade noong Hunyo 4 sa Oriental Mindoro. Noong Disyembre 5, 2019 naging malaking balita ang *extrajudicial killing* (EJK) kina Ermin "Ka Romano" Bellen, Jose Villahermosa at Lucio Simporoso sa Antipolo City, Rizal. Hindi sila armado nang salakayin ng mga pwersa ng 80th IBPA at PNP-CALABARZON.

Iilan lamang sila sa maraming biktima ng marahas na pamamaslang ng AFP-PNP sa ngalan ng kontra-rebolusyonaryong kampanya ng



KALATAS

Setyembre 2020
TOMO 40 BILANG 9

1 Sa rebolusyon magkakaroon ng katarungan ang mga biktima ng terorismo ng rehimeng US-Duterte

4 Hagupit ng Martial Law sa TK noon at ngayon

6 Proyektong paliparan sa Sangley Point, daluyan ng pandarambong ng China sa bansa

8 Sigaw ng TK: Terror Law ni Duterte, wakasan na!

9 Tugon ni PdG: Hinggil sa mga aral sa pagharap sa diktadurang US-Marcos

11 Mabagsik na FMO ng 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA, sinalubong ng mga opensiba ng BHB Mindoro

12 Tumitinding red-tagging ng AFP sa Timog Katagalugan

13 Pagpupugay sa Palawan 5, mga dakilang martir ng rebolusyong Pilipino

15 Pagbawi ng mga kapamilya sa labi ng Palawan 5, hinarang ng WESCOM at PNP-Palawan

16 Kultura: Pagkamulat sa panahon ng Batas Militar

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

rehimeng Duterte. Pinatay sila dahil sila raw ay "kalaban ng estado." Pinatay sila dahil pinili nilang paglingkuran ang masang magsasaka, manggagawa at mga aping sektor, imbes na tularan ang pagpapaalipin ni Duterte sa mga imperyalista at sa naghaharing uri. Pinatay sila dahil lumalaban sila para mabago ang nabubulok na malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at maitatag ang isang tunay na makatarungang lipunang nagtataguyod sa interes ng nakararami.

Ang walang habas na pamamaslang sa mga tinatakang "kalaban ng estado" ay ipinatutupad ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na pinangungunahan ng mga sagadsaring pasistang sina Hermogenes Esperon, Delfin Lorenzana at Eduardo Año. Ginagamit ng NTF-ELCAC ang *"whole-of-nation approach"* para sugpuin ang armadong paglaban ng sambayanan at mga banta sa pambansang seguridad alinsunod sa *counter-insurgency guide* ng US. Sa aktwal, tinatarget nito ang mamamayang nakikibaka para sa kanilang lehitimong interes at karapatan.

Binuo ang NTF-ELCAC sa bisa ng EO 70 na nagbigay ng lisensya sa mga pwersang panseguridad na pakialaman ang lahat ng aspeto ng lipunan. Katumbas ito ng pagpapailalim sa bansa sa di-deklaradong batas militar at pagpapakawala ng terorismo ng estado sa buong bayan.

Ang NTF-ELCAC at AFP-PNP ang utak sa likod ng kriminal na pagpaslang sa mga aktibista, progresibo at rebolusyonaryo. Sila rin ang nagtutulak sa mga mapaniil na batas at patakaran tulad ng Anti-Terrorism Act na lumalapastangan sa karapatan ng mamamayang magpahayag, mag-organisa at magprotesta.

Ikinulumpol ng mga pasista bilang kalaban ng estado at banta sa pambansang seguridad na kailangang lipulin ang lahat ng pumupuna, tumututol at lumalaban sa anti-mamamayan at anti-demokratikong paghahari ng rehimeng Duterte. Tinanggal na nila ang linyang nag-iiba sa pagitan ng mga nagsusulong ng demokratikong reporma sa larangang ligal at parlamentaryo at sa mga nagsusulong ng armadong pakikibaka para sa mas kumprehensibong pagbabago sa sistema ng lipunan.

Para kay Duterte at sa mga pasista—alinman sa ikaw ay maamong tagasunod sa tiranikong paghahari ng rehimen o kaaway ng estado't terorista. Lahat ng kritikal sa rehimen ay tinatakan at binansagan ng NTF-ELCAC na NPA upang malayang isagawa ang pisikal na pag-atake, karahasan at pamamaslang sa kanila. Ito ang modus ng Oplan Sauron/ SEMPO na nanalasa sa Negros at sa mga katulad na nangyayaring EJK ng mga lider-magsasaka at mga tagapagtanggol ng karapatang tao sa iba't ibang panig ng Mindanao, Luson at Kabisayaan.

Nagsilbi rin sa kontra-rebolusyonaryong pamamaslang ang gera kontra droga na kumitil sa buhay ng higit 28,000 tao. Tulad ng ginawa ng PNP sa mga maralitang tinatakang "adik" at "tulak", patraydor ang pagpatay at talamak ang paggamit ng palusot na kwentong "nanlaban" ang mga biktima. Estilong Tokhang ang ginawang paraan ng pagpatay sa rebolusyonaryong lider na si Julius "Ka Nars" Giron na pinaslang sa Baguio City noong Marso at pati sa mga *hors de combat* na NPA.

Isinagawa ng rehimen ang pinakamarahas na pamamaraan sa pagpapatahimik sa mga rebolusyonaryong pwersa na dati na nitong binantaan na papatayin kasama ang kanilang mga pamilya. Gigil na gigil itong ubusin ang NPA na nagpupunyagi sa harap ng mga imbing atake ng mersenaryong AFP-PNP. Marahas at walang patid na naglulunsad ang mersenaryong AFP-PNP ng *focused military operations* laban sa NPA sa harap ng mas malaking banta ng pandemyang COVID-19 sa mamamayang inabandona na ng gubyernong Duterte. Dagdag na pasakit ang dulot ng mga operasyong ito sa mamamayang nawalan ng kabuhayan bunga ng krisis.

Tusong ikinubli ng AFP at PNP bilang *covid-related missions* ang paglulunsad ng mga operasyong militar na mas masahol pang lumigalig sa masa sa kanayunan kaysa banta ng COVID-19. Malaking pahirap sa mamamayan ang ipinatutupad na militaristang *lockdown*, ang naging paralisasyon sa ekonomiya at produksyon, maramihang pagkawala ng hanapbuhay, talamak na korapsyon at pagnanakaw sa pondo ng publiko at higit na pagsahol ng mga pasilidad at serbisyong medikal—lahat resulta ng palyado, militarista at inutil na anti-COVID-19 na programa ng rehimeng Duterte at militar na *junta* na nasa NTF-ELCAC at IATF.

Samantala, ibayong nagiging talamak ang kultura ng impyunidad, pang-aabuso sa kapangyarihan at paglabag sa karapatan ng mamamayan ng mga mersenaryong tropa ng rehimen. Mga halimaw itong walang alinlangang pumapaslang at nagtatanggol sa isang sistemang nagpapahirap at nang-aapi sa laksang mamamayan. Walang ibang maysala at dapat panagutin sa mga krimeng ito kundi si Duterte, ang NTF-ELCAC, at ang AFP-PNP.

Hindi nagmamaliw ang panawagan ng sambayanan para sa katarungan at pagpapanagot sa kriminal na rehimen. Ginawa na nila ang lahat ng posible sa ligal na larangan hanggang umabot sa mga internasyunal na dulugan subalit hindi pa rin nila natamo ang inaasam-asam na katarungan. Wala silang nasumpungan na katarungan sa mga korte o institusyon ng gubyerno. Lahat ng ito'y kasangkapan sa pagpapanatili ng inhustisya sa bayan maging sa Korte Suprema na dominado ng 12 sa 15 huwes na itinalaga ni Duterte.

Lalong walang kwenta ang mga pahayag ng AFP-PNP na "iimbestigahan at parurusahan" ang kanilang tropang napatunayang maysala sa mga pagpatay. Habang sinasambit ito'y lumalarga na ang paglulubid ng kasinungalingan at ebidensya ng AFP-PNP para maabswelto ang kanilang kasamahan. Ang totoo, pinaglalawayan nila ang premyong pangako ng rehimen para sa pagpatay sa mga aktibista, rebolusyonaryo at kasapi ng BHB. Isa sa mga nakinabang si Maj. Gen. Debold Sinas, dating hepe ng PNP-Region 6 na naging hepe ng NCR matapos niyang pakawalan ang Oplan Sauron/SEMPO sa Negros. Ngayo'y nakaamba siyang bigyan ng promosyon sa ranggo—ang malamang na pabuya para sa pagpatay kay Randall Echanis.

Walang katarungan para sa mamamayan at mga biktima ng mga abusong militar dahil ang mga berdugo at kriminal ang siyang nakaluklok sa kapangyarihan. Hindi pinarurusahan ang mga berdugo kundi ginagantimpalaan at kinakanlong ng reaksyunaryong estado tulad ng sa kaso ni Debold Sinas at Jovito Palparan. Nakareserba ang katarungan at batas para sa mga kaibigan at kakampi ni Duterte, habang kulungan at kasawian ang ipinapataw sa kanyang mga katunggali.

Sa gitna ng nakapanlulumong kalagayan ng hustisya, natagpuan ng mamamayan ang tunay na katarungan sa rebolusyon. Ang rebolusyonaryong gubyernong itinatatag ng mamamayan sa gabay ng Partido Komunista at sa tulong ng BHB ang bukod tanging konsistenteng nagsusulong para magkamit ng katarungang panlipunan ang mamamayan. Sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, naigagawad ang rebolusyonaryong hustisya at karampatang parusa sa mga pasista. Iniaalay ng BHB ang matatagumpay na taktikal na opensiba nito sa mga biktima ng terorismo ng estado at sa mamamayang malaon nang naghahangad ng hustisyang panlipunan.

Pursigido ang mamamayang kamtin ang katarungan kaya't pursigido rin silang isulong ang rebolusyon. Kaharap ang bangis ng teroristang estado, puspusan silang nakikibaka hanggang sa maipagtagumpay ang rebolusyon at makamit ang ganap na katarungan para sa lahat ng krimen at inutang na dugo ng rehimeng Duterte. Sa araw ng tagumpay, mapapawi ang dilim ng pasismo at mapapalitan ng liwanag ng pag-asa—pag-asang dala ng pagtatatag ng tunay na demokrasyang bayan na may sosyalistang hinaharap. K

*BALITA*

### *Matapos ang 1 taong pagkakapiit*

## Tuloy ang laban, palayain si Alexandrea Pacalda!



Nagpapatuloy ang panawagan ng iba't ibang grupong nagtatanggol sa karapatang tao at mga kaanak ni Alexandrea Pacalda na palayain na siya at ipawalambisa ang isinampang gawa-gawang kaso laban sa kanya. Kasalukuyang nakapiit si Pacalda sa isang bilangguan sa Lucena City, Quezon.

Si Pacalda ay isang kabataang aktibista at tapagtanggol ng karapatang tao. Nakikipagkonsultahan siya sa mga magniniyog sa Brgy. Magsaysay, General Luna, Quezon nang dakpin siya ng mga nakasibilyang elemento ng 201st Brigade noong Setyembre 14, 2019. Walang inihaing *warrant of arrest* laban sa kanya at dalawang araw siyang ininteroga bago inilitaw sa kampo ng 201st Brigade sa Calauag.

Iligal na idinetine si Pacalda nang walang kasong nakasampa laban sa kanya. Inabot ng siyam na araw bago siya kinasuhan ng AFP ng *illegal possession of firearms and explosives*.

*Sundan sa pahina 5*

# Hagupit ng Martial Law sa Timog Katagalugan noon at ngayon

Isang malagim na alaala ng kalupitan at karahasan ng pasistang diktadurang US-Marcos ang Setyembre 21 at hindi kailanman magiging isang pagdiriwang para sa malawak na sambayanang Pilipino. Apatnapu't walong taon na ang nakalipas subalit hindi pa rin naghihilom ang malalim na sugat na iniwan ng Martial Law sa mamamayan bunsod ng kawalan ng katarungan para sa mga biktima at kanilang mga kaanak at ang panunumbalik nito sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng US-Duterte.

Walang ibang idinulot ang Martial Law kundi takot at paghihinagpis sa bayan. Ginawa itong sandata ng diktadurang Marcos upang supilin ang mga protesta ng mamamayan sa lumalalang krisis ng bansa at malawakang pandarambong sa kaban ng bayan ng naghaharing paksyon ni Marcos. Ginawa rin nitong lehitimo ang mga paglabag sa karapatang tao sa ngalan ng anti-komunistang pagtugis sa rebolusyonaryong kilusan at iba pang anti-Marcos na oposisyon.

**Ang lagim ng Martial Law ni Marcos**

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na sinisingil ng mamamayang Pilipino ang mga krimen ni Marcos sa panahon ng Martial Law. May 70,000 nakasampang kaso ng mga paglabag sa karapatang tao, labas pa rito ang 3,257 kaso ng *extrajudicial killings*, 35,000 kaso ng tortyur at 70,000 ipiniit. Umabot sa 737 ang bilang ng mga nawala o *desaparecidos*.

Sa Timog Katagalugan, naitala ang kaso ng pinakamaraming dinukot ng diktadurang Marcos sa loob ng isang araw — ito ang Southern Tagalog 10. Noong Hunyo 1977, dinukot ng MIG/ISAFP ang 10 kabataaang aktibista na sina Rizalina Ilagan, Jessica Sales, Gerardo Faustino, Cristina Catalla, Ramon Jasul, Modesto Sison, Erwin de la Torre, Manny Salvacruz, Salvador Panganiban at Virgilio Silva. Nakita ang mga bangkay nina Silva at Panganiban sa isang bangin sa Tagaytay, Cavite noong Agosto 27, 1977. Kasunod ay ang katawan ni Sison sa Lucena, Quezon. Ngunit hanggang sa kasalukuyan, hindi pa nakikita ang mga labi ng pito nilang kasamahan.

Ang mga protesta ng mamamayan ay sinasalubong ng dahas katulad ng Guinayangan Massacre sa Quezon noong Pebrero 1, 1981 kung saan walang habas na pinagbabaril ng Philippine Constabulary (PC) ang 6,000 magniniyog at iba pang sektor na nanawagan sa pagtataas ng presyo ng kopra at pagtuligsa sa pagpataw ng buwis sa mga magniniyog sa anyo ng *coco levy.* Isa rito ang namatay habang marami ang nasugatan.

May mga itinayong kampo mula sa gilid ng highway hanggang sa mga interyor. Sa Timog Quezon at hangganan nito sa Bicol pa lamang, ipinakat ang 7 batalyon ng Philippine Army (PA), 2 batalyon ng PC at 1 Marine Battalion Landing Team. May *helicopter support* ang bawat batalyon at katuwang nila ang Philippine Army Light Armory sa mga *search and destroy operations*.

Marahas ang katangian ng mga *search and destroy operations* ng pinagsanib na tropa ng PA-PC-Civilian Home Defense Force sa mga komunidad sa kanayunan. Noong Abril 27-Mayo 27, 1974, dumagsa ang 800-900



tropa sa mga baryo ng San Antonio, Laguna matapos ang pagkakubkob ng isang yunit ng BHB sa naturang bayan noong 1973.

Laking brigada ang mga operasyon sa kanayunan na sinasabayan ng *strafing* at *rocket launching* ng mga *helicopter gunships*. Matindi ang nililikhang takot ng malawakang pasistang pandarahas sa pamamagitan ng panggagahasa, pagpatay, pambubugbog, pagnanakaw at panununog ng mga bahay ng mga residente.

Laganap ang sapilitang pagpapasuko sa mamamayan na kinakatangian ng maramihang pagpapatawag sa mga taumbaryo sa bayan. Pinadadalo ang mga ito sa mga rali, pinatataas ng kamay at kinukuhanan ng litrato upang ipresentang sumukong kasapi ng BHB bilang bahagi ng "matagumpay" na paglulunsad ng Kilusang Balik-Loob (KBL).

Ngunit sa harap ng pasismo at karahasang inihasik ng diktadurang Marcos, magiting itong nilabanan ng mamamayang Pilipino katuwang ang BHB. Ginabayan ng PKP ang mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanan sa paglaban at pagbigo sa Martial Law ni Marcos hanggang sa maibagsak ang pasistang diktador.

**Ang panunumbalik ng Martial Law sa ilalim ni Duterte**

Pilit na ipinalulunok ni Duterte ang kanyang diktadura sa mamamayan sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga pekeng balita at pagrerebisa sa kasaysayan ng

naunang batas militar. Sampal sa mukha ng mga biktima ng Martial Law ang di-pagpapanagot kay Marcos sa kanyang mga krimen sa bayan at ang patuloy na paghahari ng pulitikal na dinastiya ng yumaong diktador.

Tulad ng kanyang iniidolong diktador, ipinataw ni Duterte ang di-deklaradong Martial Law sa buong bayan. Sa pagsasabatas ng Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA), inilatag ng rehimeng Duterte ang mekanismo ng pasismo ng estado sa bansa. Kinondisyon niya ang mamamayang Pilipino sa *"new normal"* na sa esensya'y *de facto* Martial Law. Ipinatupad ng rehimen ang militaristang *lockdown* sa tabing ng pagsasansala ng sakit na COVID-19. Bago ito, naitayo na ni Duterte ang kanyang paghaharing militar sa pamamagitan ng kanyang *military junta* na nakatalaga sa mga susing pusisyon sa gubyerno. Sila ang namamahala sa NTF-ELCAC at IATF na tagapagpatupad ng militaristang solusyon sa COVID-19.

Laganap ang impyunidad sa mga krimen ng AFP-PNP sa buong bayan. Lumagpas na sa 30,000 ang mga pinatay sa ngalan ng gera kontra iligal na droga, *all-out war*, EO 70 at NTF-ELCAC. Higit na nagpapatuloy at lumalala ang mga paglabag sa karapatang tao at pang-aabuso sa kapangyarihan ng AFP-PNP nang isabatas ni Duterte ang ATA sa gitna ng krisis ng COVID-19.

Walang puknat ang militarisasyon sa kanayunan at panliligalig ng mga tropang militar sa mga komunidad na nasa mga kabundukan. Tuluy-tuloy ang mga *focused military operations* (FMO) ng AFP-PNP at walang tigil ang pambobomba, panganganyon at istraping ng kanilang mga *helicopter gunships.* Sa Mindoro, matinding takot ang nililikha ng ugong ng mga *helicopter* sa mga Mangyan bunga ng walang humpay na *airstrikes* ng AFP-PNP sa kanilang komunidad.

Nagdulot din ang mga FMO ng malawakang dislokasyon kung saan naitala sa rehiyon ang libu-libong bilang ng magsasaka at pambansang minorya na nagbakwet sa ilalim ng rehimeng Duterte. Aabot ng isang libo ang mga kaso ng pambubugbog, pananakot, panghaharas at intimidasyon, iligal na pag-iimbestiga at iligal na pang-aaresto sa kanayunan. Sapilitan ding iginigiya sa mga operasyon ang mga lokal na residente kabilang na ang mga kabataan at *menor de edad.*

Noong nakaraang Hulyo 27, dinukot at ginahasa ng mga elemento ng 201st Brigade ang isang *menor de edad* sa Pagbilao, Quezon. Nito namang Agosto, ginahasa ng mga tropa ng 76th "*rapist battalion*" IBPA ng 203rd Brigade ang isang katutubong Mangyan sa Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro.

Marahas na pinapaslang ng rehimen ang mga sibilyan at *hors de combat* ng BHB. Sa pamamagitan ng ATA ng gubyernong Duterte, hindi na nito pinag-iiba ang mga aktibista at sibilyan sa armadong pwersa ng BHB. Ang mga pinatay na sibilyan sa rehiyon ay pinararatangang kasapi o tagasuporta ng BHB. Samantala, walang-awang pinapaslang naman ang mga *hors de combat* ng BHB tulad nina Ermin Bellen, Jose Villahermosa, Lucio Simporoso, Jay-ar Mercado, Lorelyn Saligumba, Lito Buyayao Mogmog at Mario Caraig. Pinahihirapan at ipinagkakait ng estado sa mga kaanak ng mga namartir na Pulang mandirigma na makuha ang kanilang bangkay upang mabigyan ng disenteng libing.

Malawakan ang kampanyang pagpapasuko ng rehimen sa anyo ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program. Ang mga pinapasuko ay mga karaniwang magsasaka at katutubo na dinadala sa mga kampo upang kuhanan ng litrato at iprisenta bilang mga sumukong kasapi ng BHB. Ginawa rin itong iskema ng sindikato ng matataas na upisyal ng AFP-PNP upang makakubra ng malaking kikbak mula sa pondo nito. Ang bawat "magbalik-loob" ay makakatanggap ng P65,000 pabuya subalit sa ilang bayan sa rehiyon, P2,000, kaunting bigas, de lata at *noodles* lamang ang ibinibigay sa mga diumanong sumusuko.

Hindi kailanman mapapawi ni Duterte ang karimarimarim na alaala ng Martial Law sa mamamayan. Patuloy itong mananariwa sa isipan ng bayan lalo't ipinagpapatuloy ng kasalukuyang rehimen ang brutalidad ng nagdaang diktadura. Ito rin ang nagpapaalab sa galit ng mamamayan at nagpapatibay sa kanilang kapasyahan na gapiin ang pasismo ng estado.

Ang tagumpay ng pakikibaka ng mamamayan noong nagdaang Martial Law ay patunay na hindi maaaring makapanatili sa kapangyarihan ang isang diktador gaano man kabagsik ang mga atake nito sa bayan. Katulad ng mga naunang nakibaka sa Martial Law, imbes na matakot, magpupunyagi ang sambayanang Pilipino na labanan ang teroristang paghahari ni Duterte. Inspirasyon ng kasalukuyang henerasyon ang mamamayang nakibaka sa Martial Law ni Marcos. Higit pang lalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at buong bansa. Ang demokratikong rebolusyong bayan ang tanging sandata ng mamamayan laban sa Martial Law at magpapabagsak sa diktadurya ni Duterte. Habang higit na nagiging mabagsik ang terorismo ng estado, lalong yayakapin ng sambayanan ang digmang bayan bilang sagot sa Martial Law. K

*Palayain si Alexandrea...mula sa pahina 3*

Higit 24 oras na pinagkaitan ng pagkain at tulog si Pacalda bago sapilitang pinapirma bilang "sumukong" kasapi ng BHB, ayon sa kanyang pasmilya. Kwento ng kanyang ama na si Arnulfo, tinakot sila ng mga militar na kakasuhan ang kanyang anak kung hindi pipirma ang huli. Napilitan silang kumbinsihin ang kanilang anak na "sumuko" sa takot sa maaaring gawin ng mga sundalo sa biktima.

Ayon sa Karapatan Quezon, dapat nang palayain si Pacalda dahil wala namang batayan ang pagkakapiit sa kanya. "Karamihan sa mga ipiniit ng rehimeng Duterte ay mga tagapagtanggol ng karapatang tao na piniling paglingkuran ang mamamayan at ipaglaban ang mga batayang karapatan ng mamamayang Pilipino," pahayag ng Karapatan Quezon. K

# Proyektong paliparan sa Sangley Point, daluyan ng pandarambong ng China sa bansa



Tigas-mukha ang rehimeng Duterte na ituloy ang pakikipagmabutihan sa mga kumpanyang Tsino sa gitna ng matinding disgusto ng publiko sa panghihimasok at pangyuyurak ng China sa teritoryal na integridad ng Pilipinas. Lalahok ang mga kumpanyang China Communications Construction Company (CCCC) at China Harbor Engineering Company (CHEC) sa proyektong pagtatayo ng komersyal na paliparan sa Sangley Point sa Cavite na pinasinayaan ni Duterte noong nakaraang Pebrero. Sangkot ang dalawang kumpanya sa iligal na reklamasyon at pagtatayo ng mga istruktura sa West Philippine Sea (WPS).

Ilang progresibong organisasyon ang nananawagan sa gubyerno na tanggalin ang mga kumpanyang Tsino sa proyekto bilang pagtindig laban sa pangangamkam ng China sa teritoryo at likas-yaman sa WPS. Pinuna rin ang pagpapaubaya sa dayuhang kumpanya ng proyektong ito na nagkakahalaga ng US$10 bilyon at may malaking epekto sa komersyo at kalakalan sa bansa.

Inutil ang sagot ni Duterte sa daing ng taumbayan. Aniya, hindi siya makikialam sa mga dayuhang kumpanyang nagtatayo ng istruktura sa teritoryo ng bansa. Hindi lang niya pinayagan ang mangangamkam na magbahay sa ating bakuran, binigyan niya pa ito ng dagdag na kita't negosyo.

**Sabwatang China at kroni ni Duterte**

Ang Sangley Point International Airport Project ay isang proyektong pang-imprastaktura na ipinaparadang solusyon diumano sa pagsikip ng Ninoy Aquino International Airport sa Pasay City. Sa proyektong ito, lilikha ng 1,400 ektaryang lupa sa tabi ng Sangley Point Airbase at doon magpapagawa ng apat na *runway* at isang *terminal*. Tinatayang magserserbisyo ito sa 100 milyong pasahero kada taon.

Nakapasok ang mga kumpanyang Tsino sa proyekto sa pakikipagsabwatan ng mga kroni ni Duterte. Si Lucio Tan, kilalang kroni ni Duterte, ang may-ari ng MacroAsia Corp. na kasama ng CCCC sa konsorsyum na nakakuha sa proyekto. Madali lamang nilang nakuha ang proyekto dahil sila lamang ang nagsumite ng aplikasyon para rito. Tiyak na maanomalya ang pagkakapili sa konsorsyum lalo pa't notoryus ang CCCC sa pagmamanipula sa mga *bidding* o subasta para sa mga kontrata sa konstruksyon. Sanhi ito ng pagba-*blacklist* ng World Bank sa kumpanya mula 2011-2017.

Samantala, kasosyo naman ng CHEC si Dennis Uy, ang pinakamalaking tagapondo ni Duterte sa eleksyong pampanguluhan noong 2016, sa pagsasagawa ng reklamasyon sa lugar na tatayuan ng paliparan.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, naging garapalan ang pagkakasangkot ng China sa malalaking proyektong pang-imprastraktura ng gubyerno. Tampok rito ang pag-asa ng engrandeng programang Build, Build, Build (BBB) ng rehimen mula sa "ayuda" ng China.


Sa 35 *flagship project* ng BBB, 12 ang ipinangutang ni Duterte sa China, kabilang ang New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project sa Quezon na may badyet na P12.2 bilyon. Ang China Energy Engineering Company, Inc. ang kontraktor ng proyektong Kaliwa Dam.

---

Sa pitong bahura sa Spratly Islands, nagtayo ang mga Tsino ng mga pasilidad militar tulad ng *airstrip*, istasyon ng *radar* at mga *missile* bukod pa sa tirahan ng tao at iba pang gusali. Ang Kalayaan Group of Islands na kabilang sa Spratlys ay saklaw na ng probinsya ng Palawan mula pa noong 1978.

## 7 BAHURA SA SPRATLY ISLANDS NA TINAYUAN NG ISTRUKTURA NG CHINA

1. Cuarteron Reef
2. Subi Reef
3. Mischief Reef
4. Johnson Reef
5. Hughes Reef
6. Gaven Reef
7. Fiery Cross Reef



Bukod sa pakikipagsosyo sa mga kumpanyang Tsino, maluwag na pinahihintulutan ng rehimen ang mga mapanirang negosyong Tsino tulad ng mga kumpanya sa mina at mga pasugalang Philippine Offshore Gaming Operations o POGO. Pinakikinabangan ito ng mga burukrata sa pamamagitan ng pagbubuwis at mga kikbak.

**Pagsuko ng rehimen sa imperyalistang China**

Malaking pagtatraydor sa bayan ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtransaksyon ng rehimen sa mga kumpanyang Tsino laluna sa mga imbwelto sa pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas. Interesado ang China sa teritoryo sa WPS na nagtataglay ng higit 11 bilyong bariles ng langis at 7,500 kilometro-kubiko ng reserbang *natural gas*. Dito rin matatagpuan ang 10% ng isda sa buong mundo at dumadaan ang 30% ng kalakalan sa buong mundo.

Isa ang CCCC sa mga kumpanyang lumahok sa reklamasyon at konstruksyon sa Mischief Reef na matatagpuan sa loob ng 200-milyang *exclusive economic zone* ng Pilipinas mula sa isla ng Palawan. Malinaw na ginagamit ito ng gubyerno ng China sa pangangamkam ng teritoryo.

Hindi rin sang-ayon ang reaksyunaryong militar na pahintulutan ang isang kumpanyang Tsino na mag-konstruksyon kalapit ng baseng panghimpapawid ng sandatahang pwersa ng GRP. Nangangamba silang palapitin ang mga Tsino sa Sangley Point Airbase laluna ngayong nagpapakitang-lakas ang China at naglalayag ng mga sasakyang pandigma nito sa WPS.


Sa kabila ng mga pagtutol, walang kahihiyang ipinagtatanggol ni Duterte ang proyektong paliparan sa Sangley Point at paglahok ng CCCC at CHEC dito. Binantaan pa ni Duterte ang mga korte na ibasura ang mga petisyong pipigil sa mga proyektong imbwelto ang mga kumpanyang Tsino.

Sinasalaula ni Duterte ang tagumpay ng bayan sa Permanent Court of Arbitration sa ilalim ng United Nations Convention on the Law of the Sea hinggil sa pagkilala sa karapatan ng Pilipinas sa WPS. Sa kabilang banda, tuluy-tuloy ang paggigiit at pagtatanggol ng mamamayan sa soberanya ng bansa at *patrimonial assets* nito sa WPS. Nangunguna rito ang rebolusyonaryong kilusan na lumalaban sa lahat ng imperyalistang panghihimasok sa bansa, mapa-China man o sa US.

Nitong Setyembre hinikayat ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ibang mga bansa na magpatupad ng aksyong diplomatiko at ekonomiko laban sa China upang mapwersa itong sumunod sa mga internasyunal na kasunduan at obligasyon hinggil sa paggalang sa teritoryal na integridad ng mga bansa. Tugon ito sa hakbangin ng gubyerno ng US na pagba-*blacklist* sa mga kumpanyang Tsino na imbwelto sa reklamasyon sa WPS.

Ang pagsuko ng karapatan sa WPS at pagpabor sa negosyong Tsino ang kabayaran sa pagsuporta ng imperyalistang China sa walang hanggang paghahari ni Duterte. Upang maputol ang pamamayagpag ng interes ng China sa bansa, kailangan munang tanggalin sa poder ang rehimeng naglilingkod dito. Kabilang ito sa mga adhikain ng pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino—ang pagpapalayas sa China at lahat ng imperyalista at pagpapabagsak sa gahaman at tutang rehimeng Duterte.

### Mahahalagang tala sa
## Kasaysayan ng Sangley Point



Sangley Point ang popular na tawag sa dating baseng nabal ng US at ngayo'y base ng Philippine Air Force at Philippine Navy na matatagpuan sa tangway ng Cavite City. Hinalaw ang pangalan nito mula sa salitang *sangley* na katawagan sa mga mangangalakal na Tsino na gumagamit sa tangway sa panahon ng kolonyalismong Español.

Matagal nang nagsisilbi ang tangway ng Cavite City bilang base militar. Ginamit ito ng mga Español na paulingan *(coaling station)* ng kanilang mga barko at kadugtong ng baseng nabal sa Cañacao Bay. Nalipat sa mga Amerikano ang kontrol sa Sangley Point matapos ang kunwang pakikipaglaban sa mga Español sa Look ng Maynila noong Mayo 1898. Nagsilbi rin itong paulingan ng mga barkong Amerikano at suportang pasiliad para sa mga pwersang nabal ng US. Kalaunan, ginawang pasilidad sa komunikasyon at ospital ng US Navy ang Sangley Point.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging himpilan, pahingahan at pagawaan ng mga barko ng US Seventh Fleet ang Sangley Point. Malaki rin ang pakinabang ng US Navy rito sa panahong naglulunsad ang imperyalismong US ng gerang agresyon sa Vietnam. Ipinasa ng US Navy sa GRP ang paggamit at pangangasiwa sa Sangley Point noong Setyembre 1, 1971 matapos ang 73 taong pagbase rito.

Minsang naging bantog ang Sangley Point sa pambansang entablado nang maging sayt ito ng kudeta ng isang paksyon ng reaksyunaryong militar noong 1989, panahon ng rehimeng Corazon Aquino. Pinalitan ang pangalan nito at ginawang Danilo Atienza Airbase bilang pag-alala kay Major Danilo Atienza na sumupil sa mga nag-aalsang sundalo. Binomba at pinasabog ni Atienza ang ilang eroplanong pangkombat na T-28 na hawak ng paksyong nagkudeta. Bagamat nagtagumpay ay nasawi si Atienza nang bumagsak ang kanyang sinasakyang eroplano.



## *Ika-48 taon ng paggunita sa lagim ng Martial Law*

# Sigaw ng TK: Terror Law ni Duterte, wakasan na!

Daan-daang mamamayan ng Timog Katagalugan ang naglunsad ng sabayang kilos-protesta sa ika-48 anibersaryo ng paggunita ng paglukob ng lagim ng Martial Law na ipinataw ng diktador at tutang si Ferdinand Marcos noong Setyembre 21, 1972. Apat na dekada na ang lumipas ngunit patuloy na tumitindi ang teror na inihahasik ng reaksyunaryong gubyerno sa ilalim ng mga nagdaang mga pangulo matapos kay Marcos at ng kasalukuyang pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte.

Higit na umiigting ang panawagan ng mamamayan na patalsikin na ang tuta, papet, pahirap at diktador na si Duterte. Sa gitna ng kinakaharap na matinding krisis at kahirapan na idinulot ng pandemyang COVID-19, kibit-balikat si Duterte at ang mga militaristang alipores sa gabinete nito sa hinaing ng sambayanang Pilipino. At habang tuliro ang sambayanan kung paano haharapin ang pandemya at labis na kahirapan, niratsada ng tutang kongreso, sa utos ni Duterte at mga militarista, ang pagpapasa sa Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) nang hindi nauunawaan ng mamamayan ang mga nilalaman at implikasyon nito sa kanilang buhay. Inuna ng rehimen ang pagpapalusot sa ATA na walang ibang layunin kundi sistematikong patahimikin ang mga kritiko ng gubyerno at sinumang bumabatikos sa kanilang ipinatutupad na anti-mahirap at anti-demokratikong mga batas at programa.

Sa ika-48 taong paggunita sa batas militar ng pasistang diktadurang US-Marcos, tumungo ang mamamayan ng TK sa lansangan. Ang sabayang kilos-protesta ay isinagawa sa Plaza ng Sta. Rosa, Laguna, Pala-pala sa Dasmarinas, Cavite at Unibersidad ng Pilipinas Los Banos. Nagsama-sama at lumahok ang mga magsasaka, manggagawa, maralitang lungsod, kababaihan, kabataan at taong-simbahan upang mariing kundenahin ang pasismo ng estado at militarisasyon sa rehiyon at sa buong bansa.

Tulad ng inaasahan, tinangka ng mga kapulisan kasama ang pribadong *goons* ng mga kumpanya ng mga debeloper sa Bacoor, Cavite na harasin ang mga maralitang lungsod upang pipilan ang mga itong lumahok sa mga kilos protesta. Hinarangan ng *goons* ng B.E. San Diego at mga pulis ang mga residenteng lalahok sa pagkilos sa Pala-pala mula sa Sityo Bagong Silangan, Talaba 7, Bacoor, Cavite. Sila ay kasapi ng mga organisasyong aktibong nakikipaglaban para sa lupang panirikan. Pinaputukan sila ng baril upang takutin habang nanonood ang mga pulis sa kaguluhan. Sa halip na awatin ang mga nagpapaputok na *goons*, binantaan ng mga pulis ang mga militante na ididispers sila. Hindi natinag ang mga nagpoprotesta at ipinagpatuloy nila ang programa sa tabing haywey ng Talaba 7 sa Bacoor City.




Samantala, ang isang *quick response team* ng Karapatan Quezon na tumungo sa bayan ng San Narciso mula noong Setyembre 19-22 ay iligal na pinag-aaresto, ikinulong at sinampahan ng malisyoso at gawa-gawang kaso ng 85th IBPA sa tabing ng paglabag sa *community quarantine protocols*. Nakatakdang harapin ng mga *human rights worker* ang kaso ng *non-cooperation* sa *mandatory reporting of emerging notifiable disease*—batas na nilikha upang marahas na kontrolin at pipilan ang malayang pagkilos ng mamamayan at gamitin laban sa mga lehitimong layunin ng mga progresibong organisasyong masa. Ito rin ang isinampang kaso sa Anakpawis 7 na kaagad ding ibinasura ng Bulacan Regional Trial Court dahil sa kawalan ng sapat na batayan.

Ayon kay Casey Cruz, tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan, inaasahang titindi ang atake ng rehimeng US-Duterte sa batayang karapatan ng mamamayan ngunit hindi matitinag ang mga progresibong organisasyon sa TK na makibaka para sa pagtatanggol ng lupa, trabaho, edukasyon, kabuhayan at karapatan.

"Hindi tayo papayag na manatili pa sa kapangyarihan ang tuta, diktador at pahirap na si Duterte. Hamon sa atin na patuloy na makibaka para ganap na mapatalsik si Duterte sa Malakanyang at maisulong ang pambansa demokratikong pagbabago at gubyerno na inuuna ang interes ng taumbayan. Kung nagawang wakasan ang Martial Law ni Marcos, sama-sama rin nating lalabanan at wawakasan ang terorismo ni Duterte!" dagdag pa niya. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang mga aral na mahahango sa Martial Law ng diktadurang US-Marcos na magagamit sa pagharap sa itinatayong diktadura ng rehimeng US-Duterte?

Ang Martial Law (ML) na ipinataw ni Ferdinand E. Marcos noong Setyembre 21, 1972 hanggang Pebrero 1986 ang maituturing na pinakamadilim at pinakamalupit na pangyayari na naranasan ng sambayanang Pilipino mula sa paghahari ng isang mandarambong, despotiko at ganid-sa-kapangyarihang pangulo ng reaksyunaryong gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Subalit sa kasalukuyang panahon, kahit walang pormal na deklarasyon ng ML, nagaganap na sa bansa ang walang katulad na mga kalupitan, karahasan at terorismo ng estado na ipinatutupad ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa sambayanang Pilipino. Sa loob lamang ng apat na taong panunungkulan ni Rodrigo Roa Duterte sa Malacañang, nahigitan na niya si Marcos sa kasakiman, brutalidad, kalupitan at kriminalidad laban sa sambayanang Pilipino.

Ayon sa datos ng Amnesty International (AI) at mga grupong nagtataguyod at nagtatanggol sa karapatang pantao sa bansa, nasa $10 bilyon ang dinambong ng pamilyang Marcos sa kaban ng bayan, mahigit sa 70,000 ang kanyang ipinakulong, 34,000 sa kanila ang nakaranas ng iba't ibang klase ng tortyur at pagmamalupit, nasa 3,240 ang kanyang ipinapatay at daang bilang ang mga nawala o naging *desaparecidos (forced disappearance)* sa loob ng 14 taon ng pag-iral ng ML sa bansa.

Napatalsik sa kapangyarihan si Marcos at nagwakas ang kanyang diktadurang paghahari dahil sa determinasyon, masikhay at puspusang pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan at sambayanang PIlipino na kalauna'y humantong at rumurok sa popular na pag-aalsa sa EDSA noong Pebrero 1986. Ang pangyayari sa EDSA na nagpabagsak sa kapangyarihan sa kinamumuhiang diktador at despotikong si Marcos ay maituturing na napakalaking tagumpay sa pakikibaka ng sambayanang PIlipino laban sa diktadura. Buhay, dugo at di-matatawarang sakripisyo ang puhunan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayang PIlipino. Produkto ito ng masikhay, puspusan at walang kapagurang gawain ng rebolusyonaryong kilusan sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan-estudyante, maralitang tagalunsod, taong-simbahan, guro at iba pang propesyunal at maging sa hanay ng mga negosyante, makabayan at mga patriyotikong pulitiko na oposisyon sa diktadura ni Marcos. Sa kabila ng mga panganib at mahihirap na kundisyon sa pagkilos bunga ng ipinatutupad na ML, nagawa pa rin ng rebolusyonaryong kilusan na matipon at mapagbuklod-buklod ang mga demokratikong uri't sektor sa isang malapad na anti-diktadurang nagkakaisang prente na nagsilbing malakas na angklahan sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos.

Walang nagawa at nagmistulang tigreng papel ang mga tangke, eroplano at malalakas na armas na hawak ng pasistang tropa ni Marcos sa harap ng milyong mamamayang nagtipon sa EDSA at sa iba pang panig ng bansa na determinadong wakasan ang 14 taong paghihirap at pagkakabusabos sa ilalim ng batas militar ni Marcos.

Sa kabilang banda, bagama't napatalsik sa kapangyarihan si Marcos sa pamamagitan ng pag-aalsang EDSA, walang naging ilusyon ang rebolusyonaryong kilusan na nabago na ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Malinaw para sa rebolusyonaryong kilusan na hindi nilutas ng EDSA ang tatlong pangunahin at pundamental na mga problema ng sambayanang Pilipino—ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Pinalitan lamang sa kapangyarihan ang kinamumuhiang paksyon ni Marcos ng isa pang paksyon ng naghahari at mapagsamantalang uri na kinakatawan naman ni Corazon C. Aquino at ng pamilyang Cojuangco. Ganunpaman, nakatala pa rin sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan ang pangyayari sa EDSA bilang malaking tagumpay ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino na kinapupulutan natin ng mahahalagang aral. Ang mga tagumpay na naipon ng rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng ML ni Marcos at tumungo sa pag-aalsang EDSA ang naging malaking puhunan ng rebolusyonaryong kilusan upang mabilis na lumakas at sumulong sa mga sumunod pang



mga taon makaraan ang pangyayari sa EDSA.

Mula nang maitatag ang PKP noong Disyembre 26, 1968, ang BHB noong Marso 29, 1969 at ang NDFP noong Abril 24, 1974, ito na ang namuno at nasa unahan ng mga anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibakang masa ng sambayanang Pilipino. Naglatag at naghatid sa sambayanang Pilipino sa tumpak at wastong landas ng armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB). Isang bagong tipo ng DRB na nasa pamumuno ng uring proletaryo at may sosyalistang hinaharap.

Hindi naging madali para sa rebolusyonaryong kilusan ang pagharap sa ML at mga pasistang atake ni Marcos. Ipinataw ni Marcos ang ML sa buong bansa sa panahong nagsisimula pa lamang maglatag ng lakas ang rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Ganunpaman, dahil sa pagiging makatarungan, lehitimo, nagtataguyod sa interes at kapakanan ng mga pinakaapi at pinagsasamantalahang uri't sektor ng lipunang Pilipino, malugod na niyakap, tinangkilik at sinuportahan ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang DRB na isinusulong ng PKP-BHB-NDFP.

Sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na suportang masa, magiting na hinarap at binigo ng rebolusyonaryong kilusan ang kontra-rebolusyonaryong digma ni Marcos na Oplan Katatagan at ang *prototype* na Oplan Cadena de Amor na unang ipinatupad sa mga rehiyong Timog Katagalugan at Bikol na naglalayong kitlin-sa-usbong ang noong maliit at mahina pang BHB.

Subalit pinatunayan sa kasaysayan ng pangyayari sa EDSA noong Pebrero 1986 na ang pagtindi ng pang-aapi at pagsasamantala sa panahon ng ML ay nagresulta sa pagtindi at pag-igting ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa diktadura. Ang ML ni Marcos at ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino ang nagsilbing matabang lupa sa naging mabilis na paglaki at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan na humantong naman sa ibayong paglakas, pagsulong at pag-igting ng mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa diktadurang Marcos hanggang ang huli'y mapatalsik sa kapangyarihan. Si Marcos at ang kanyang ML ay nagsilbing "rekruter" sa mabilis na paglaki ng bilang ng mga sumasampa sa BHB at mamamayang lumalahok sa armadong pakikibaka.

Kumpara noong panahon ni Marcos, mas higit na nasa pusisyon ngayon ang rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino para biguin at hadlangan ang panunumbalik ng lantarang pasistang paghahahari sa bansa. Sa partikular, ang patuloy na paglalantad, paglaban at pagbigo sa ipinatutupad na *de facto ML* at ang pag-iral ng *civilian-military junta* sa bansa ng rehimeng Duterte.

Malawak ang naging karanasan at mga aral sa pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino laban sa ML ni Marcos na epektibong magagamit sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Duterte. Isa na rito ang masikhay, puspusan at walang kapaguran sa gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino kahit sa kabila ng dalang panganib at kahirapan hatid ng militaristang pagpapatupad ng gubyernong Duterte sa pagharap at paglaban sa COVID-19. Patuloy na nagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan at pakikidigmang gerilya para labanan at biguin ang *focused military operations* at mga operasyong say-ops sa ilalim ng *retooled community support program*. Ang pagpapatindi at pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya ay dapat umaalinsunod sa papalawak at papalalim na suportang masa.

Mahusay at matalinong ilapat ang taktika ng nagkakaisang prente para kabigin ang mga kaibigan at ihiwalay ang sagadsaring kaaway. Mabilis na isakatuparan ang pagtatayo ng malakas at malawak na anti-pasistang nagkakaisang prente na binubuo ng lahat ng mga demokratikong pwersa at sektor para sa layuning patalsikin sa kapangyarihan ang inutil, taksil, mandarambong, despotiko at mamamatay-taong si Duterte.

Sa kabilang banda, natuto na ang sambayanang Pilipino sa kalagiman at kalupitan na inihasik ng ML ni Marcos sa sambayanang Pilipino, 48 taon na ang nakalipas. Hindi nila papayagan pang maulit na mangyari ang madilim at mapait na bahagi sa kasaysayan ng bansa kung saan maraming buhay ang nalagas, maraming mga anak ang naulila at maraming pamilya ang nagutom at pinahirapan dahil lamang sa kasakiman sa salapi at kapangyarihan ng iisang tao sa katauhan ni Marcos. Hindi rin nila pahihintulutan ang mga pagtatangka ni Duterte, mga kasapakat nito sa lehislatura at ng naiwang pamilya ni Marcos, na rebisahin ang kasaysayan, ipawalang-bisa ang mga kasalanan at krimen ni Marcos at ng kanyang pamilya sa taumbayan, ipagkait ang hustisya sa mga naging biktima ng ML ni Marcos at itanghal pa siyang bayani kahit sa mata ng mamamayan ng Ilocos Norte.

Higit ang kasakiman, kabuktutan at kalupitan ni Duterte kaysa sa kanyang iniidolong si Marcos. Hindi malayong danasin ng pasistang rehimeng US-Duterte ang nangyari sa pasistang rehimeng US-Marcos nang pagbagsakin ito sa kapangyarihan sa pamamagitan ng popular na pag-aalsa ng sambayanang Pilipino sa EDSA noong Pebrero 1986. Alalahanin ni Duterte na malupit ang kasaysayan sa mga mandarambong at diktador na tulad ni Marcos at hindi malayong mangyari din sa kanya ang nangyari kay Marcos na itinapon ng nakikibakang sambayanang Pilipino sa basurahan ng kasaysayan. **K**



# Mabagsik na FMO ng 203rd Brigade-PNP MIMAROPA, sinalubong ng mga opensiba ng LdGC-BHB Mindoro

Sinalubong ng matutunog na taktikal na opensiba ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang mararahas at walang puknat na *focused military operations* (FMO) ng 203rd Brigade-PNP MIMAROPA. Nagdulot ang mga opensiba ng LdGC ng limang kaswalti sa pasistang tropa.

Noong Setyembre 28, matagumpay na inambus ng isang yunit ng LdGC-BHB Mindoro ang nakasakay na pwersa ng 403rd Regional Mobile Force Battalion (403rd RMFB) ng PNP-MIMAROPA sa kahabaan ng *national highway* sa Sityo Mabajo, Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro. Sugatan ang tatlong tropa ng RMFB sa ambus. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang sasakyang iniwanan ng mga nagtakbuhang RMFB. Tumagal ang labanan sa pagitan ng 11:35 hanggang 12:00 ng tanghali.

Kasabay ng ambus, matagumpay na naisagawa ang operasyong haras ng isang tim ng mga Pulang mandirigma sa kampo ng 403rd RMFB sa Brgy. Cabalwa, Mansalay.

Nauna pa rito, matagumpay na inilunsad ang dalawang magkasunod na operasyong isnayp laban sa mga mga pwersang RCSPO ng 203rd Brigade sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro noong Setyembre 16 at 22. Hindi bababa sa dalawa ang kaswalti mula sa mga pwersa ng 4th IBPA. Isa ang kaswalti sa bawat putok na pinakawalan ng mga isnayper ng hukbong bayan.


Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC-BHB Mindoro, "Ang mga operasyong ito ng LDGC-BHB Mindoro ay pagbibigay ng rebolusyonaryong hustisya sa mamamayang biktima ng kaapihan, karahasan, panggigipit at paglabag sa karapatang tao ng pasistang pwersa ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA. Tugon ito ng LdGC sa malaon nang reklamo ng mga residente na matinding pinerwisyo ng mga nag-ooperasyong sundalo at pulis sa kanilang buhay at kabuhayan."

Simula Mayo, sinaklaw ng FMO ng AFP-PNP ang mga Sityo Mantay at Batosingit sa Brgy. Manoot at Brgy. Limlim, Rizal, Occidental Mindoro; Sityo Mausoy/Sinariri ng Brgy. Panaytayan, Mansalay; Sityo Naswak, Balangkawan at Bayang ng Brgy. Hagan at Sityo Rimas, Brgy Lisap ng Bongabong, Oriental Mindoro. Nagresulta ang mga ito ng aabot sa higit 2,000 kaso ng paglabag sa karapatang tao. Higit na dumami ang mga kasong ito matapos ang pagsasabatas ng rehimen sa Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA).

"Ang sunod-sunod na taktikal na opensiba ng LDGC-NPA-Mindoro ay tugon at pagsuporta nito sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa ATA, nakakainsultong pagdeklara bilang *national holiday* sa kaarawan ng pasistang diktador na si Marcos, mga extrahudisyal na pamamaslang sa mga rebolusyonaryo, progresibo at mga pinaghihinalaang adik at tulak ng ipinagbabawal na gamot, panggigipit sa mga katunggali sa pulitika, kritiko at oposisyon, at pagkitil sa kalayaan sa pamamahayag. Pagsuporta rin ito ng LdGC-BHB Mindoro sa pakikibakang bayan para ibagsak ang rehimeng US-Duterte bilang numero unong kaaway ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan," ani Gasic.



## Mga paglabag sa karapatang tao ng 203rd Brigade mula Mayo-Setyembre 2020



**9** kaso ng iligal na pagkakampo o paggamit sa mga pampublikong lugar ng mga militar

**9** sityong ipinailalim sa *food and other economic blockades*

**9** kaso ng pambubulabog sa mga komunidad

**800** kaso ng iligal na interogasyon

**800** kaso ng pananakot, panghaharas at intimidasyon

**13** kaso ng tortyur (12 sityo lider at 1 kabataan*)

**7** komunidad na sapilitang nagbakwit

**1** sapilitang pagkawala

**1** kaso ng panggagahasa

Talamak na pang-aalipin sa mga tao sa komunidad *(forced labor/involuntary servitude)*

Hindi makataong pagtrato sa mga hinuhuling sibilyan *(cruel/inhuman and degrading treatment)*

** Nagpakamatay ang kabataang biktima matapos na dumaan sa matinding tortyur*

# Tumitinding *red-tagging* ng AFP sa Timog Katagalugan

Tumitindi ang walang pakundangang *red-tagging* ng hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM) na si Lt. Gen. Antonio Parlade, mga kumander at tagapagsalita ng AFP sa 2nd ID laban sa mga progresibo't makabayang grupo at mga kaanak ng mga rebolusyonaryong martir.

Pilit iniuugnay ni Parlade ang MAKABAYAN Bloc ng Kongreso sa PKP-BHB-NDFP dahil sa kanilang mga progresibong tindig. Ayon sa mga boladas ng AFP, nakatagpo sila ng mga polyeto, *pamphlet* at *tarpaulin* ng MAKABAYAN sa mga lugar na pinaglabanan ng AFP at BHB. Lalo itong pinatambol ni Parlade matapos igiit ng mga kongresista ng MAKABAYAN na itigil ang paglalaan ng mas maraming badyet sa NTF-ELCAC at ituon na lamang sa mga serbisyong panlipunan, lalo sa sektor ng kalusugan ngayong panahon ng krisis ng COVID-19.

Paulit-ulit ang malisyosong pag-uugnay ni Parlade sa mga ligal na organisasyon tulad ng BAYAN, Anakbayan, Gabriela at Karapatan gamit ang mga personahe nito sa rehiyon. Pinaratangan niyang kasapi ng BHB si Alexandrea Pacalda, isang kabataang aktibista at tagapagtanggol ng karapatang tao. Si Pacalda ay dinakip ng estado habang naglulunsad ng konsultasyon sa mga aping sektor ng lipunan noong nakaraang taon.

Samantala, patuloy na winawalanghiya ni Parlade ang alaala ng mga Pulang mandirigma at rebolusyonaryong martir sa paggamit sa kanila sa mga itim na propaganda laban sa mga progresibong grupo. Sirang plakang sinisiraan ni Parlade ang Gabriela matapos yumao ni Rona Jane "Ka Lemon" Manalo, kabilang sa Palawan 5 na namartir sa Brgy. Mainit, Brooke's Point noong Setyembre 3. Dating pangkalahatang kalihim ng Gabriela ST si Manalo.

Nakikoro din si Lt. Col. Alexander Arbolado ng 203rd Brigade sa pag-*red-tag* sa grupong PAMALAKAYA. Dinawit niya ang samahan ng mga mangingisda dahil kasapi rito ang mga magulang ni Justine Ella "Ka Pia" Vargas, isang Pulang mandirigma na namartir sa Brgy. Gapasan, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Setyembre 14. Habang ipinagluluksa ng mga kaanak si Ka Pia, pinalabas pa ng sinungaling na si Arbolado na sumuko na ang mga magulang niya at nagpailalim sa programang balik-loob ng JTF-Peacock sa Palawan, ang pinagmulan ni Ka Pia.

Sina Manalo at Vargas na napukaw ang damdaming makabayan sa paglahok sa mga pakikibaka sa lansangan para sa demokratiko at pambansang interes ng masang Pilipino ay nagpasyang sumapi sa NPA dahil napagtanto nila na ang landas lamang ng armadong pakikibaka at hindi ang pakikibakang parlamento at ligal ang tunay na lulutas sa malaon nang suliranin ng kahirapan, kaapihan at pagsasamantala sa bansa. Habang tinutugis ng pasistang rehimen ang mga progresibong organisasyon at kilusan at isinasara ang pinto ng mga ligal na daluyan para sa repormang panlipunan, higit lamang itinutulak ang paparaming hanay ng mamamayan na tahakin ang landas ng sandatahang pakikibaka.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng Duterte, patuloy na nanganganib ang buhay ng mga progresibo at makabayang grupo at mga kritiko ng rehimen. Ang patuloy na pag-uugnay sa kanila sa rebolusyonaryong kilusan ng mga pasista at anti-komunistang mga buhong tulad ni Parlade ay pagbibigay-laya sa estado na tugisin sila sa bisa ng kasalukuyang anti-mamamayang Anti-Terror Law. Kailangang patuloy na magmatyag ang mamamayang Pilipino at patuloy na ipagtanggol ang kanilang mga karapatan laban sa mapanupil na estado, kontrahin at kondenahin ang walang pakundangan nitong *red-tagging* at pag-aatake sa mga tunay na lingkod-bayan."

### *Hagupit ng Terror Law sa TK*

## Sarbeylans at panggigipit sa mamamayan



**Setyembre 8.** Iniulat ang pag-iikot ng isang di-kilalang lalaking lulan ng motor sa paligid ng opisina ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan sa Cabuyao, Laguna. Anim na beses umikot ang lalaki na inilarawang may malaking pangangatawan. Walang plaka ang kanyang gamit na motor.

**Setyembre 12.** Binigo ng barikada ng mga magsasaka ang pagtatangka ng Sta. Lucia Realty na saraduhan ang daanan ng mga produktong bukid sa Lupang Kapdula. Ito ang daang natira sa mga magsasaka matapos na sarhan ng kumpanya ang *farm to market road* sa lugar. Ang mga nagbarikadang magsasaka ay kasapi ng Samahan ng mga Magsasaka sa Kapdula (SAMAKA/ KASAMA - TK).

# Pagpupugay sa Palawan 5, mga dakilang martir ng rebolusyong Pilipino!

Joventud del Fierro
Pampulitikang Komisar, Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan
Partido Komunista ng Pilipinas

Armando Cienfuego
Tagapagsalita, Melito Glor Command-Bagong Hukbong Bayan-Timog Katagalugan


Mataas na pagpupugay ang iginagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan at ng Melito Glor Command–BHB TK kina Kasamang Bonifacio "Ka Nato/Boywan/Eboy/Abuan" Magramo, Andrea "Ka Naya" Rosal, Noli "Ka Selnon" Siasico, Rona Jane "Ka Lemon" Manalo at Jay-ar "Ka RG" Sento—mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino. Namartir sila sa pataksil na pag-atake ng pasistang Force Reconnaissance Group ng 4th MBLT at 3rd MBLT sa ilalim ng 3rd Marine Brigade noong alas-sais ng umaga ng Setyembre 3 sa Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan. Dakila at simbigat ng Kabundukan ng Matalingahan ang kanilang kamatayan. Ginugol at inialay nila ang kanilang tanging buhay sa matapat na paglilingkod at pagtataguyod sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan.

Taos-pusong nakikiramay ang rebolusyonaryong kilusan sa pamilya ng mga martir – sa mga anak at mapagmahal na asawa ni Ka Nato, sa kapatid ni Ka Naya at sa mga kaanak nina Ka Selnon, Ka Lemon at Ka RG na walang pag-iimbot na ibinigay ang kanilang mga mahal sa buhay sa rebolusyonaryong kilusan upang baguhin ang kasalukuyang bulok na sistema ng lipunang Pilipino.

Ibayong pagkamuhi, galit at paghamak ang nararamdaman ng masang Palaweño at rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan sa rehimeng Duterte at mersenaryong AFP-PNP sa ginawang pagpaslang sa Palawan 5. Ang mga namartir na kasama ang naging kakampi at kasangga ng mamamayang Palaweño sa kanilang laban sa pagtatanggol sa lupaing ninuno, sa paglaban sa pangangamkam at mapanirang operasyon ng mga dambuhalang kumpanyang multinasyunal sa pagmimina at plantasyon ng *oil palm*, sa pagsusulong ng karapatan sa pangingisda sa West Philippine Sea at iba pa. Niyakap sila ng mamamayang Palaweño at itinanghal bilang tunay nilang mga bayani sa kabila ng paninira, demonisasyon at pagbabansag na "terorista" ng PTF-ELCAC, AFP-PNP at gubyernong Duterte.

Si Ka Nato ay kilala ng mga kasama bilang masipag at matiyagang lider ng Partido at BHB sa Palawan. Sa kabila ng edad na 66, kakikitaan pa rin siya ng kasigasigan at kasiglahan sa pagkilos sa mga kabundukan at malawak na kanayunan ng sonang gerilya. Mahusay niyang ginabayan ang mga batang kadre at Pulang mandirigma sa pagharap sa mga walang humpay at sustinidong atake ng *focused military operations* (FMO) ng JTF-Peacock sa isla.

Bilang lider ng rebolusyonaryong kilusan, inihanda niya ang mga yunit ng hukbong bayan sa paglaban sa pasistang tropa ng Western Command (WESCOM) at idinirehe ang gawaing pampulitika ng mga yunit ng NPA sa isla. Siya ang nasa likod ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng NPA sa Palawan na nagparusa sa dayuhang mga kumpanya ng mina at naghaharing paksyon sa isla ng Palawan at mapang-abusong AFP-PNP.



Sa ilalim ng kanyang pamumuno, higit na tumibay ang pagkakaisa ng mamamayang Palaweño at NPA at ibayong niyakap ng mamamayang Palaweño ang armadong pakikibaka sa isla. Dumami ang mga ganap na samahang masa sa isla at naitatag ang SUPOK, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubo sa Palawan, na nagsilbing balon ng mga bagong kasapi ng Partido at NPA.

Naging tagapagsalita siya ng NPA Palawan bilang si Salvador Luminoso. Ang kanyang boses ang nagpaunawa sa mamamayang Palaweño ng kawastuhan ng armadong pakikibaka sa isla dahilan upang suportahan nila ang NPA. Nilantad niya ang kabuktutan at karahasan ng mga teroristang tropa sa ilalim ng WESCOM. Pinasubalian niya ang mga kasinungalingang ikinakalat ng AFP-PNP sa isla sa pamamagitan ng programang pagpapasuko at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng rehimen.

Si Ka Selnon naman ay isang Pulang Kumander ng BHB, umangat at nagsimula bilang isang ordinaryong mandirigma sa isla ng Mindoro. Mula siya sa isang pamilyang magsasaka sa Ilvita, Sablayan, Occidental Mindoro na namulat at nakibaka para sa karapatan sa lupa. Pinanday siya ng mga nagdaang *oplan* sa Mindoro simula pa 1985 hanggang kasalukuyan. Ito ang naghubog sa kanya upang maging isang matapang at mahusay na kumander. Kasama at gumampan siya ng mahalagang papel sa pagbigo sa mga pananalakay ng mersernaryong tropa sa mga larangang gerilya ng Mindoro sa balangkas ng Oplan O'Map noong 1986-87; Oplan Saliksik I at II noong 1987-89; PNP Experiment mula 1990-92; Oplan Makabayan noong 1998; Oplan Habol-Tamaraw mula 2001-05 at Oplan Bayanihan mula 2006-2010.

Kinakitaan siya ng determinasyon at katapangang harapin ang mga atake ng kaaway. Di nagtagal, inilipat siya sa Palawan upang pamunuan ang Pulang hukbo rito. Sa kanyang pamumuno, lumasap ng mariing bigwas ang AFP-PNP sa tuwing inilulunsad nito ang madudugong FMO sa Timog ng Palawan.

Nagmula sa rebolusyonaryong pamilya si Ka Naya. Siya ang anak ng mga martir na sina Gregorio "Ka Roger" Rosal at Rosario "Ka Soly" Lodronio Rosal. Tinahak niya ang landas ng armadong pakikibaka matapos mamulat sa pasismo ng estado at maunawaan ang kawastuhan ng rebolusyong isinusulong ng kanyang mga magulang. Matapang niyang hinarap ang kaaway noong dakpin siya at ipiit simula Mayo 2014-Setyembre 2015. Sa kanyang paglaya, tinanggap niya ang kanyang disposisyon sa isla ng Palawan.

Si Ka Naya ang tumatayong Pampulitikang Instruktor ng yunit ng NPA sa Palawan. Sa kanyang pamumuno, tiniyak niyang mataas ang pampulitikang kamulatan at kapasyahang lumaban ng mga Pulang mandirigma sa yunit. Mapagkalinga at maalalahanin si Ka Naya at lagi niyang tinitiyak na mahusay na nasasapul ng mga bagong kadre at rekrut ng NPA ang rebolusyonaryong diwa at adhikain at ang kawastuhan ng prinsipyo ng rebolusyon.

Isang kabataang estudyante naman si Ka Lemon na namulat sa pakikibaka ng mga kabataan para sa edukasyon sa UP Los Baños. Kilala siya bilang lider-organisador at ahitador sa loob at labas ng pamantasan. Pinangunahan niya ang pagsusulong ng karapatan ng kababaihan sa mga lansangan.

Tunay na palaban at militanteng lider ng kababaihan si Ka Lemon. Inabot ng kanyang kamulatan ang paglahok sa armadong pakikibaka para ipaglaban ang karapatan ng mga kabataan, kababaihan at ng masang anakpawis. Bilang giyang pampulitika ng platun at sinasanay na pampulitikang instruktor, siya ang tanglaw ng mga Pulang mandirigma ng kanilang yunit sa pagsusulong ng digmang bayan para baguhin ang kasalukuyang tagibang at naghihirap na kalagayan ng lipunan.

Samantala, maaalala si Ka RG bilang matapang na Pulang mandirigma na lumaban para ipagtanggol ang mamamayang Palaweño hanggang sa huling patak ng kanyang dugo. Nabuwal siyang naglilingkod nang buong puso sa mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan.

Ikinababahala ng mga lokal na naghaharing uri sa Palawan ang paglakas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan sa isla. Inakala ng pangkatin ni Gov. Jose Chavez Alvarez na ang pagkakapaslang sa Palawan 5 ay ang katapusan na ng rebolusyonaryong adhikain ng mga Palaweño. Desperado si Alvarez na durugin at lipulin ang rebolusyonaryong kilusan at NPA sa Palawan dahil malaking tinik sa lalamunan ng mga pasista at gahaman ang paglakas ng armadong kilusan para malaya nilang pagharian at dambungin ang likas na yaman ng isla.

Ipinatutupad ng sabwatang Alvarez-WESCOM-JTF-Peacock at NTF-ELCAC ng rehimeng US-Duterte ang madugong kontra-rebolusyonaryong gera laban sa mamamayan. Pinatindi nito ang mga FMO ng AFP-PNP na nagresulta sa dumaraming kaso ng paglabag sa karapatang tao ng mamamayang Palaweño. Naglabas pa ng kasulatan si Alvarez na nagpabagsik sa mga operasyong militar sa isla sa gitna ng krisis




*Sina Andrea "Ka Naya" Rosal, Rona Jane "Ka Lemon" Manalo at Noli "Ka Selnon" Siasico. (mula sa kaliwa)*

# Pagbawi ng mga kapamilya sa labi ng Palawan 5, hinarang ng WESCOM at PNP-Palawan

Tulad ng berdugong gawi ng AFP-PNP, pinahirapan ng WESCOM at PNP-Palawan ang mga kaanak ng mga nasawing NPA na tinatawag na Palawan 5 na makuha ang labi ng kanilang mga kapamilya at maihatid sa huling hantungan.

Dumating ang mga kapamilya at mga *paralegal* mula sa Karapatan ST noong Setyembre 5 sa Puerto Princesa City upang ayusin ang pagkuha sa katawan ng Palawan 5. Ilang araw na pinigilan ng WESCOM at PNP ang mga kaanak ng Palawan 5 na makita ang katawan ng kanilang kapamilya kahit na nasa Puerto Princesa City lamang ang puneraryang pinagdalhan sa mga ito.

Tinangka pa ng AFP-PNP na ipailalim sa 14-araw na kwarantina ang mga kaanak ng Palawan 5, dahilan upang lalong matagalan ang pagkuha nila sa mga bangkay. Nabigo ang pakanang ito dahil sa paggigiit ng mga pamilya at ng kasama nilang mga tagapagtanggol ng karapatang tao.

Nasilayan ng mga kapamilya ang labi ng Palawan 5 noong Setyembre 8. Ikinasama ng kanilang loob ang hindi maayos na pagpepreserba sa katawan ng Palawan 5 na noong Setyembre 8 ay namamanas na at halos hindi na makilala. Dagdag na paglapastangan ang pagsasagawa ng *autopsy* sa labi ng Palawan 5 nang walang permiso mula sa kanilang kapamilya.

Bukod sa pagbimbin sa labi ng Palawan 5 ay hinaras din ng WESCOM ang mga kapamilya ng Palawan 5 at ang kasama nilang mga tagapagtanggol ng karapatang tao. Setyembre 6 ay nakatanggap ang kanilang grupo ng mensahe na kailangan nila ng *clearance* mula sa WESCOM para makakilos habang nasa Puerto Princesa City. Minanmanan din sila ng mga kahina-hinalang lalaki at kinausap ng isang nagpakilalang *colonel.* Idinulog ito ng grupo sa Commission on Human Rights-MIMAROPA.

Sa kabila ng panggigipit ng AFP-PNP, nagtagumpay ang mga pamilya na mabawi at maiuwi ang labi ng mga kasama noong Setyembre 14. Nabigyan ang mga martir ng BHB ng disenteng libing at pagpaparangal bilang mga tunay na bayani ng sambayanan. K

---

*Pagpupugay sa Palawan 5... mula sa pahina 14*

ng COVID-19. Itinatambol ng sabwatang Alvarez-AFP-PNP at PTF-ELCAC ang kampanya nito sa E-CLIP at mga pekeng pagpapasurender sa layuning linlangin ang mamamayang Palaweño at palabasing humihina na ang rebolusyonaryong kilusan sa Palawan.

Habang mabagsik na sinasalakay ng mga pasista ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa ngalan ng anti-komunismo at diumano'y "anti-terorismo" ibayo lamang lumilinaw sa mamamayan kung sino ang tunay na terorista at kontra-mamamayan.

Taliwas sa nais palabasin ng gubyernong Alvarez at ng AFP-PNP, hindi magagawang ipagkanulo ng mamamayang Palaweño ang BHB sa Palawan dahil ito ang tunay na nagsusulong ng kanilang interes laban sa pandarambong ng imperyalismong US at China at pagsasamantala't panunupil ng lokal na mga panginoong maylupa at ganid na mga burukrata. Kahit namartir ang Palawan 5, hindi mapipigilan ni Alvarez o ng AFP-PNP ang patuloy na paglalim ng ugat ng rebolusyon sa mamamayang Palaweño. Ang tumitinding pasismo, ibayong kahirapan at kapabayaan ng estado ang mismong nagtutulak sa mamamayan na magrebolusyon. Bibiguin nila ang anumang imbing atake ng terorismo ng estado at ng JTF-Peacock.

Hindi matitinag ang rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng rehiyon sa harap ng tumitinding atake ng rehimeng US-Duterte at AFP-PNP. Buo ang diwa ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga yunit ng NPA at mamamayan sa rehiyon na labanan ang pasistang diktadurang rehimen. Inspirasyon ng nakikibakang mamamayan ang dakilang buhay nina Ka Nato, Ka Selnon, Ka Naya, Ka Lemon at Ka RG para ipagpatuloy at paigtingin ang pagsusulong ng armadong rebolusyon sa Palawan at buong rehiyon.

Ibabaling ng mamamayan at ng Partido't mga yunit ng NPA sa rehiyon ang kanilang pagdadalamhati sa rebolusyonaryong paghihimagsik upang patuloy na bigwasan ang mga teroristang AFP-PNP at kamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa mga kasamang namartir at mamamayang biktima ng pamamaslang at pandarahas ng estado. Patuloy na pamumunuan ng Partido at isusulong ng mga yunit sa ilalim ng MGC ang armadong pakikibaka para patamaan at bigwasan ng libo-libong sugat ang ulo at katawan ng AFP-PNP at ibagsak ang rehimeng US-Duterte.

***Mabuhay ang dakilang alaala nina Ka Nato, Ka Naya, Ka Selnon, Ka Lemon at Ka RG!***

***Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan!***

***Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!***

***Ibagsak ang teroristang rehimeng US-Duterte!***

***Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!*** K

# PAGKAMULAT SA PANAHON NG BATAS MILITAR

*ni Eugenio Rivera*

1979 Nag-aaral pa ako noon, bata pa at halos wala pang muwang sa nagaganap sa mundo. Sinisikap kong maging mabuting mag-aaral dahil nakakuha lang ako ng *scholarship* at nag-iisa ang aking ina na sumusuporta sa akin sa pag-aaral. Kailangan kong makatulong sa kanya dahil meron pa akong kasunod na tatlong kapatid na nag-aaral. Gusto kong makatapos sa pag-aaral, makakuha ng magandang trabaho at makatulong sa aking ina.



Isang mabuting bagay na maraming mga aktibistang estudyante at guro sa napasukan kong unibersidad. Habang nag-aaral, unti-unting pumapasok sa aming diwa ang mga aral ng kasaysayan ng sambayanang Pilipino. Sa umpisa ay itinuring kong akademikong aralin ang mga itinuturo sa amin. Hindi ko namamalayan ay tumatalab sa aking damdamin at isipan ang naging kaawa-awang kalagayan ng mga ninunong Pilipino. Gimbal at galit ang nararamdaman ko kapag nagbabasa ng *assignment* sa Social Science. Akda ni Renato Constantino ang pinababasa sa amin noon, ang "Past Revisited" at ang "Continuing Past".

Hindi lamang sa pagbabasa ako namulat. May *exposure program* kami sa mga tinatawag na "*slum areas*". Pumupunta kami sa pinakamahihirap na iskwater sa Navotas at Malabon. Pinaaalam sa amin ang buhay at problema ng mga naninirahan doon. Kasapi ng organisasyon sa komunidad ang mga maralitang nakakausap namin. Naikukwento nila sa amin ang kanilang karanasan nang mahuli ng pulis at militar. Dinadala sila sa mga tinatawag noong "*stockade*". Para itong bartolina at doon sila ikukulong nang nag-iisa. Tanda ko pa noon ang isang babaeng lider na hinuli ng militar. Aniya, nakatikim siya ng pisikal na toryur habang pinatutuga sa kung anu-anong bagay sa organisasyon nila.

Naging halimaw ang itsura sa akin ng mga pulis at sundalo noong panahong iyon. Mga taong walang kaluluwa, walang puso. Parang *zombie* na hayok kumain ng nabubuhay na tao. Walang pinipiling kainin, basta buhay na tao. Totoong halimaw nga.

Dala-dala ko ang karanasang ito sa sinalihan kong patimpalak kaugnay sa dagliang pagtatalumpati o *extemporaneous speech.* May pagsasanay ako noon sa elementarya sa pagtatalumpati kaya nangahas akong sumali. Hindi ko na matandaan ang paksang ibinigay sa akin pero naaalala kong ibinabahagi ko sa talumpati ang mga kwento mula sa aking *exposure* sa mga maralita.

Ibang premyo ang napanalunan ko sa patimpalak. Napili nila ako, hindi bilang mahusay na mananalumpati, kundi napili akong rekrutin sa Kabataang Makabayan.

Matapos ang patimpalak, kinausap ako ng isa kong kaklase. Dati ko na siyang kilala, hindi kami malapit na magkaibigan pero nakakakwentuhan ko pana-panahon. Tinawag niya ako sa isang tabi ng *auditorium*. Ipinakilala niya ang organisasyon ng Kabataang Makabayan (KM). Nakikinig lang ako. Dahil sang-ayon ako sa mga adhikain ng KM, sumali ako. Noong panahong iyon, hindi ko pa naiisip na may mga panganib na maaaring harapin sa pagsali rito.

Hindi naglaon, lagi na akong naiimbitahan sa mga pagkilos. Noon naman ay dati nang uso sa hanay ng mga estudyante ang pagsama sa mga pagkilos na kagaya ng rali. Panahon namin noong magiging bantog ang League of Filipino Students na bagong katatatag pa lamang. Makikilala ang mga lider estudyante na katulad ni Sonia Soto at Lean Alejandro. Tampok na mga isyu ng estudyante ang usapin ng pagtaas ng *tuition*, pagkilala sa organisasyong pang-estudyante at pagkilala sa karapatan sa Konseho ng Mag-aaral at sa publikasyong pang-estudyante. Ito ang dinadalang isyu sa mga pagtitipon, demonstrasyon at rali. Habang lumalaon ay dumadalas nang dumadalas ang aking pagsama, kasama ng mga kabarkada.

Hindi ko malilimutan ang aming rali laban sa Education Act of 1982 sa may Arroceros sa Maynila. Nagpoprograma noon ang mga estudyante nang dumating ang mga *anti-riot* na pulis. Bumaba sila ng sasakyan, kinuha at ipinorma ang kanilang mga *truncheon* (batutang gawa sa *rattan*) at *shield*, saka humanay na pakubkob sa aming direksyon. Habang lumalapit, kinakalampag nila ang kanilang mga *shield* na inaasahang lilikha ng takot at magtutulak sa aming umalis at umatras.

Habang papalapit ang mga pulis, nakaramdam ako noon ng kaba. Naaalala ko ang kwento ng mga lider maralita sa mga ginagawang kalupitan ng mga pulis. Pero saglit lang ang kaba. Magsasalita na ang lider namin na nagpapaliwanag ng lehitimo naming karapatan na magreklamo laban sa Education Act of 1982. Aalingawngaw ang sigaw ng islogan na "Makibaka, H'wag Matakot!", "Pasismo ng Estado, Ibagsak!" at iba pang ahitasyon. Ispontanyong nagkapit-bisig na kami. Sa mga oras na iyon, lilipas na ang kaba. Papalit ang paghahanda ng isip at katawan sa mga susunod na pangyayari. Ihahanda ang sarili kung paano magtatanggol laban sa papalapit na pulis habang kakapit-bisig ang kapwa kabataan.

SALPUKAN! GITGITAN! Nagsimula nang mamalo ang mga pulis. Wasiwas kabi-kabila ng *truncheon*. Tumakbo kami ng mga kasamahan ko kasama ng karamihan patungo sa ligtas na direksyon. Hindi kami inabutan ng mga pulis.

Masasabi kong murang isip pa kami noon. Mga karaniwang aktibista na nagsisimula pa lamang na mabuo ang rebolusyunaryong kamulatan. Mga mapangahas na kabataang papandayin pa ng patuloy na pakikibaka sa ilalim ng Martial Law. Hindi nagtagal, ito na ang nagsilbing tuntungan ko sa pagpapahinog ng kamulatang proletaryong rebolusyunaryo hanggang sa sumapi at lumahok sa armadong pakikibaka.

At ngayon, patuloy akong nakikibaka—marubdob na nakikibaka laban sa Batas Militar ng bagong diktador.